
Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

EPP – Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## AGRIKULTURA

## Kwarter 3 – Modyul 7

Paggawa ng Talaan ng mga Kagamitan at Kasangkapan sa Pag-aalaga ng Hayop o Isda



**Name of Learner:** ___________________________
**Grade & Section:** ___________________________
**Name of School:** ___________________________

JANUARY – Makugihon
FEBRUARY – Mahigugmaon
MARCH – Matinabangon
APRIL – Matinahuron
MAY – Mahapsay og Malimpyo
JUNE – Maabtik og Musunod sa Eksaktong Oras
JULY – Maantigo og Maabilidad
AUGUST – Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER – Madaginoton
OCTOBER – Matinud-anon
NOVEMBER – Masaligan
DECEMBER – Maalampuon

N-AVIGATING
O-PPORTUNITIES TO
R-EENGINEER FOR
T-RANSFORMATION &
E-MPOWERMENT

Service with a Heart

"Be and Do Much Better Each Day with a Sense of Urgency"

**EPP – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode (ADM )**
**Kwarter 3 – Modyul 7: Paggawa ng Talaan ng mga Kagamitan at Kasangkapan sa Pag-aalaga ng Hayop o Isda**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

| | |
|---|---|
| Manunulat: | JOSELYN P. ENSENDENCIA, JUNESSA JOY A. SABANAL |
| Editor: | EDWARD G. GALON |
| Tagasuri: | NILDA Y. GALAURA, EVELYN C LABAD |
| Tagaguhit: | KENT SPENCER A. SANICO |

Management Team:

SDS: MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V
ASDS: JUDITH V. ROMAGUERA, EdD
ASDS: MA. JUDELYN J. RAMOS, EdD
ASDS: ARMANDO P. GUMAPON, EdD
CID Chief: LILIA E. ABELLO, EdD
LR: EVELYN C. LABAD
PSDS: ELDA L. EVANGELISTA, EMD
PRINCIPAL: RAMON S. ENSENDENCIA

**Printed in the Philippines**
**Department of Education Region IX – Zamboanga Peninsula**
Office Address: Pres. Corazon C. Aquino Regional Government Center Balintawak, Pagadian City, Zamboanga del Sur 7016
Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789
E-mail Address: region9@deped.gov.ph



## *Alamin*

Binabati kita! Ang manwal na ito ay isang bahagi ng isang Learning Kit na maaaring mapagkunan ng mga impormasyon na ibinibigay sa mga guro at mag-aaral upang matulungan kang maging bihasa at may kakayahan sa pangangalaga ng kasuotan.

Ang unang bagay na maaari mong mapansin ay ang mga impormasyon na makikita mo sa Learner's Manual at Learning Kit na ito ay tila naiiba sa mga aklat na ginamit mo dati. Ito ay dahil iba ang pamamaraan ng pagtuturo at pagsusuri. Ang pamamaraan na ginamit ditto ay tinatawag na Competency Based Training (CBT) at Competency Based Assessment (CBA). Ang CBT ay isang paraan ng pagsasanay na nakatuon sa kung ano ang magagawa o kinakailangan ng isang manggagawa sa trabaho. Ang layunin ng pagsasanay na ito ay upang magkaroon ng motibasyon ang mga trainees na magsagawa ng mga gawain at tungkulin sa pamantayang inaasahan ng mga employer. Nilalayon ng CBT na paunlarin ang mga kasanayan, kaalaman at saloobin (o kilalanin ang mga mayroon nang kasanayan) upang makamit ang kinakailangang pamantayan sa nasabing kasanayan. Ang CBA naman ay nakatuon sa pagkolekta ng katibayan at paggawa ng isang paghuhusga kung saan maaaring magampanan ng isang mag-aaral ang kanyang mga tungkulin sa kinakailangang pamantayan sa nasabing kasanayan.

Marami sa atin ang kinagigiliwan ang pag-aalaga ng hayop. Ang pag-aalaga ng hayop ay nakatutulong sa kabuhayan ng isang mag-anak. Hindi lamang ito isang hanapbuhay kundi isang libanagan na nagbibigay kasiyahan sa tao.

Ang modyul na ito ay magbibigay sa atin ng kaalaman tungkol sa mga kagamitan at kasangkapan sa pag aalga ng manok, itik at tilapia. Ttalakayin din sa modyul na ito ang paggawa ng talaan ng mga kagamitan at kasangkapan upang maisakatuparan ang pag-aalaga.

Pagkatapos ng mga aralin, kayo ay inaasahang:

1. Nakagagawa ng talaan ng mga kagamitan at kasangkapan na dapat ihanda upang makapagsimula sa pag-aalaga ng hayop o isda.



# Subukin

**Panuto:** Isulat ang **TAMA** kung pangungusap ay tumutugon sa wastong paraan ng paghahayupan at **MALI** kung ito'y hindi.

________1. Simulan agad ang pag-aalaga ng hayop o isda sa kagustuhan ng mag-aalaga.

________2. Itala ang kasangkapan at kagamitan sa paghahayupan.

________3. Magtanong sa mayroon ng karanasan sa pag-aalaga ng hayop.

________4. Upang magkaroon ng lubos na kaalaman sa planong paghahyupan, itala ang lahat na ginagawa .

________5. Magsimula sa pag-aalaga na walang talaang inihanda dahil hidi ito kailangan sa paghahayupan.

| ARALIN | Paggawa ng Talaan ng mga Kagamitan at Kasangkapan sa Pag-aalaga ng Manok/Isda |
|---|---|

Ano-anung uri ng hayop o isda ang alaga ninyo sa inyong lugar? Anu-ano pa ba ang dapat isaalang-alang sa pagplano ng paghahayupan? Sa modyul na ito , matutunan mo ang paggawa ng talaan ng mga kagamitan at kasangkapan sa pag-aalaga ng manok / isda.



# Balikan

Anong hayop ang maaaring alagaan sa inyong likod bahay?

Ipaliwanag kung paano nila natukoy na iyon ang tamang hayop na alagaan sa likod bahay?



## Tuklasin

Ano ang unang dapat ihanda upang makapagsimula sa pag-aalag ng manok, itik, at tilapia?



## Suriin

**Dapat ihanda upang makapagsimula sa pag-aalag ng manok, itik, at tilapia**

**Pag-aalaga ng Manok**

Ang manok ay inaalagaan para sa kanyang karne at itlog. Kailangan ng alagang manok ang maluwang na kulungan upang magkaroon ng sapat na bentilasyon at maging maginhawa sila. Maaaring ito ay yari sa katutubong materyales tulad ng pawid at kogon para sa bubong, at kawayan naman para sa sahig at dingding. Tiyakin na may patukaan, painuman salalayan ng dumi at dapuan ang mga kulungan.

Habang ang mga ito ay maliliit pa, dapat mapanatili ang init ng kanilang katawan sa pamamagitan ng artipisyal na paraan. *Brooding* ang tawag sa paraang ito. Karaniwang ginagamit ang lampara o bombilya.

Lagyan ng gamut na mayaman sa bitamina , mineral at antibiotics ang tubig na iniinom ng mga sisiw. Makatutulong ito upang lumakas at lumaki agad ang mga sisiw. Sa unang apat na lingo, pakakainin sila ng *starter mash*. Pagkatapos ng unang apat na lingo, bigyan sila ng *grower mash.*

**Pag-aalaga ng Itik**

Malaki ang pakinabang sa mga bakuran kung mag-alaga ng itik. Karaniwang inaalagaan ang mga itik sa mga lugar na malapit sa tubig kung saan may mga suso at tulya para sila ay maipastol at makatipid sa pagkain. Ang itik ay inaalagaan para sa paggawa ng balut. Maaari natin silang pakainin ng mga pag-kaing kinakain ng mga manok at mabigyan sila ng angkop na kulungan at na paliguan. Gumamit ng batya o kaya isang putol na bariles na magsisilbing paliguan ng mga itik. Masarap ding gawing resipi ng ulam ang karne ng itik gaya ng estopado, adobo o pritong bibe.

**Pag-aalaga ng Tilapiya**

Ang tilapiya ay isang isdang madaling alagaan at masarap kainin. Nagtataglay ito sustansiyang kailangan ng ating katawan gaya ng protina. Karaniwang pinalalaki ito sa mga palaisdaan sa likod bahay. Kung may anyong tubig tulad ng ilog, sapa, lawa o dagat na malapit sa inyong pamayanan, maaari ring alagaan ang tilapiya rito. Magagawa ito kung mayroong nakalutang na kulungan para sa tilapiya. Ibinababad ang kulungan sa ilog o sapa at dito pinalalaki ang alagang tilapiya hanggang handa na itong kainin o ipagbili. Kung sa bakuran mag-alaga ng tilapiya, maaaring gumamit ng bariles o kongkretong semento na paglalagyan sa mga ito. Makapag-aalaga ng 250 hanggang 500 binhi ng tilapiya sa isang metrong kubikong kulungan.

Maraming pagkain tulad ng lumot, kiti-kiti at mga kulisap ang makukuha ng mga tilapiya sa ilog. Bukod dito, dagdagan pa ng darak at *fishmeal* ang pagkain ng tilapiya upang lumaki ito agad. Ang dami ng pagkaing ibibigay sa tilapiya ay naaayon sa laki at timbang ng alaga. Maaari ng anihin ang alagang tilapiya sa loob ng dalawang buwan.

Narito ang mga kagamitan at kasangkapan na dapat ihanda upang makapagsimula sa pag-aalaga ng hayop o isda

**A. Kagamitan Para sa Manok**

1. Kulungan- Yari sa katutubong materyales tulad ng pawid at kugon para sa bubong at kawayan naman para sa sahig at dingding.
2. Patukaan- Yari sa plastic o kawayan o lalagyan ng pagkain ng mga manok.
3. Painuman – Yari sa plastic na lalagyan ng tubig na magsisilbing inuman ng mga manok.
4. Kalalayan ng Dumi – Maaring screen o sako na sumasalo sa mga dumi ng manok.
5. Dapuan _ Maaring kahoy o kawayan na magsisilbing dapuan.
6. Lampara o bombilya – Ginagamit upang mapanatili ang init ng katawan ng mga sisiw sa artipisyal na paraan o tinatawag na brooding.
7. Starter mash – Patuka na pinapakain sa unang apat na linggo.
8. Grower mash – Pinapakain pagkatapos ng unang apat na linggo.
9. Bitamina ,minrales at antibiotics – Gamot na inilalagay sa inumin na akatutulong upang lumakas at lumaki kaagad ang mga sisiw.
10. Sisiw- Isang araw ang edad na mula sa bagong pisang itlog ng manok.

**Para sa Itik**

1. Kulungan – Yari sa katutubong materyales na magsisilbing tirahan ng mga itik na napaliligiran ng bakod na lambat at malapit sa anyong tubig.
2. Patukaan – Yari sa hinating gulong o maliit na batya na

magsisilbing lalagyan ng pagkain ng mga itik.
3. Paliguan – Anyong –tubig na malapit sa kulungan ng mga itik. Maaring gumamit ng batya o isang putol na bariles na magsisilbing paliguan ng mga itik kung malayo ito sa anyong tubig.
4. Feeds – komersiyal na pagkain ng manok na maaring ipakain sa mga itik.
5. Suso o tulya – karagdagang pagkain ng mga itik na nabubuhay sa ilog o sapa.
6. Itik – Isang araw ang edad na mula sa bagong pisang itlog ng itik.

**Para sa Tilapya**

1. Palaisdaan – Kung sa bakuran mag-alaga ng tilapia, maaring gumamit ng bariles o konkretong semento na paglalagyan sa mga ito. Makapag-aalaga ng 250 hanggang 500 binhi ng tilapia ara sa isang metrong kubikong kulungan . Kung may anyong tubig tulad ng ilog, sapa, lawa o dagat na malapit sa inyong pamayanan , maari ring alagaan ang tilapia rito. Magagawa ito ung mayroong nakalutang na kulungan para sa tilapia. binababad ang kulungan sa ilog o sapa at dito pinalalaki ang alagang tilapia hanggang handa na itong kainin o ipagbili.
2. Fish meal – Komersyal na produkto na pinapakain sa mga isda.
3. Darak _ giniling na balat ng palay na maaring ipakain sa isda.
4. Lumot at kitikiti – Karagdagang pagkain ng mga isda na nabubuhay sa anyong tubig.
5. Fingerlings – semilya o maliliit na aalagaan.

**Kasangkapan:**

1. bolo – pamutol ng mga sanga at puno ng mga malalaking halaman.
2. lagare- pamutol ng kahoy o kawayan
3. metro- kasangkapang ginagamit na panukat
4. lapis – karaniwang ginagamit na pangmarka ng mga karpintero.
5. martilyo – pamukpok ng metal o pambaon ng mga paet at pako.
6. plais – ginagamit na pamutol ng alambre o kawad o pang-ipit o pampilipit.

Narito ang halimbawa ng Talaan ng mga kagamitan sa pag-aalaga ng hayop/isda.

Talaan ng mga Kagamitan at Kasangkapan sa Pag-aalaga ng manok

| kagamitan | kasangkapan |
|---|---|
| 1. Kulungan | 1. Lagari |
| - Pawid at kugon | 2. martilyo |
| - Kawayan | 3. plais |
| 2. Patukaan | 4. lapis |

| | |
|---|---|
| - plastic/kawayan<br>3. Painuman<br>- plastic<br>4. Kalalayan ng dumi<br>- screen /sako<br>5. Dapuan<br>- kahoy/kawayan<br>6. Lampara o bombilya<br>7. Starter mash<br>8. Grower Mash<br>9. Bitamina, minerals , antibiotics<br>10. Sisiw | 5. bolo<br>6. metro |



## ***Pagyamanin***

**Panuto:** Tukuyin kung anong kagamitan o kasangkapan sa pag-aalaga ng hayop o isda ang kinakailangan sa mga sumusunod na sitwasyon. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Habang maliliit pa ang sisiw,dapat mapanatili nito ang init ng kanilang katawan sa pamamagitan ng artipisyal na paraan. Brooding priod ang tawag dito. Alin g kagamitan ang karaniwang ginagamit dito?
   A. lampara o bombilya  B.flashlight  C.kandila  D. lighter

2. Upang lumaki kaagad ng malusog at malakas ang mga alagang sisiw ni Mang Kanor, Alin sa mga sumusunod ang dapat niyang ilagay sa inumin ng mga ito?
   A. bitamina at mineral  B. grower mash
   C. finisher mash  D.starter mash

3. Mabilis at maayos ang pagkakaputol ni Mang Berting sa mga kahoy at kawayang gagamitin niya sa paggawa ng kulungan ng kanyang mga alagang manok. Sa palagay mo, aling kasangkapan ang ginamit niya?
   A. bolo  B. kutsilyo  C. lagare  D. plais

4. Malayo sa anyong-tubig ang tahanan ni Rodrigo, ngunit nais niyang mag-alaga ng tilapia sa kanilang bakuran. Anong kagamitan ang maari niyang gamitin na magsislbing palaisdaan nito?
   A. batya  B. bariles  C. tabo  D. timba

5. Walang lugar na palanguyan ang inaalagaang itik ni Jose. Alin sa mga sumusunod ang maari niyang gamitin bilang palanguyan ng mga ito?
   A. batya  B. bariles  C. tabo  D. timba



# *Isaisip*

**Tandaan:**

Bago magsimula sa pag-aalaga ng hayop o isda, gagawa ka muna ng talaan ng mga kagamitan at kasangkapan na dapat ihanda upang mas maayos, matagumpay ang iyong minimithing gawain.

Para sa karagdagang kaalaman ukol sa dapat ihanda sa paghanay, Sagutan muna ang sumusunod na pagsasanay.

**Panuto:** Itala ang kasangkapan at kagamitan sa paghahanda ng pag-aalaga ng hayop o isda. Gawin ito sa inyong kwaderno.

| Hayop | Kagamitan/Kasangkapan |
|---|---|
| 1. manok | |
| 2. itik | |
| 3. tilapia | |
| | |



# *Isagawa*

**Panuto :** Pumili ng hayop o isda na aalagaan at gumawa ng talaan ng mga kagamitan at kasangkapan na dapat ihanda para rito.

Hayop o Isda: ______________________________

| Kagamitan | Kasangkapan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**Rubriks sa Pagmamarka**

| Puntos | Deskripsiyon |
|---|---|
| 4 | Naisagawa ng maayos ang talaan ng mga kagamitan at kasangkapan |
| 3 | Naisagawa ang talaan ng mga kagamitan at kasangkapan ngunit kulang ng isa |
| 2 | Naisagawa ang talaan ng mga kagamitan at kasangkapan ngunit kulang ng dalawa |
| 1 | Naisagawa ang talaan ng mga kagamitan at kasangkapan ngunit kulang ng tatlo |
| 0 | Hindi naisagawa ng talaan ng mga kagamitan at kasangkapan |



## *Tayahin*

**Panuto:** Isulat ang **TAMA** kung tama ang isinasaad ng pangungusap o **MALI** ang isinasaad naman ay mali. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bilang.

_______1. Hindi na kailangan na may patukaan, painuman , salalayan ng dumi at dapuan ang mga kulungan ng manok.

_______2. Ang kulungan ay maaring yari sa katutubong materyales tulad ng pawid at kugon para sa bobong , at kawayan naman para sa sahig at dingding.

_______3. Lagyan ng gamut na mayaman sa bitamina, mineral at antibiotic ang tubig na iniinom ng mga sisiw. Makatutulong ito upang lumakas at lumaki agad ang mga sisiw.

_______4. Ang martilyo , plais , metro, lagare ay ilan lamang sa mga kasangkapang kakailanganin para sa pag-aalaga ng manok.

_______5. Ang patukaan , painuman, kulungan, feeds o patuka, bombelya o lampara ay mga kagamitan para sa pag-aalaga ng tilapia.



## *Karagdagang Gawain*

Gumawa ng iba pang talaan ng mga kagamitan at kasangkapan na dapat ihanda sa pag-aalaga ng hayop o isda.

**Rubriks sa Pagmamarka**

| Puntos | Deskripsiyon |
|---|---|
| 4 | Naisagawa ng maayos ang talaan ng mga kagamitan at kasangkapan |
| 3 | Naisagawa ang talaan ng mga kagamitan at kasangkapan ngunit kulang ng isa |
| 2 | Naisagawa ang talaan ng mga kagamitan at kasangkapan ngunit kulang ng dalawa |
| 1 | Naisagawa ang talaan ng mga kagamitan at kasangkapan ngunit kulang ng tatlo |
| 0 | Hindi naisagawa ng talaan ng mga kagamitan at kasangkapan |

## *Susi ng Pagwawasto*

| Subukin | Pagyamanin | Tayahin |
|---|---|---|
| 1. Mali | 1. A | 1. Mali |
| 2. Tama | 2. A | 2. Tama |
| 3. Tama | 3. C | 3. Tama |
| 4. Tama | 4. A | 4. Tama |
| 5. Mali | 5. B | 5. Mali |

## *Sanggunian:*


Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan- Agrikultura-5 3rd Quarter Teacher's Guide and Learner's Material

MISOSA V- Pangangalaga ng Kasuotan

Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan 5

Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran Grade 5 by: Gloria A. Peralta, EdD, Ruth A. Arsenue , Catalina R. Ipolan, Yolanda L. Quimbao , Jeffrey D. de Guzman